

# May Saysay Ang Paghahanda para sa Iyong Mga Alagang Hayop. Maghanda na Ngayon.

Kung ikaw ay tulad ng mga milyon-milyong may-ari ng alagang hayop sa buong bansa, ang iyong alagang hayop ay mahalagang miyembro ng inyong sambahayan, ang inyong alagang hayop ay mahalagang miyembro ng inyong sambahayan. Ang posibilidad na ikaw at ang iyong mga alagang hayop ay makakaligtas sa oras ng isang emergency tulad ng sunog o baha, buhawi o pag-atake ng terorista ay depende sa iyong pagpaplano ngayon para sa oras ng isang emergency.. Ilan sa mga bagay na maaari mong gawin upang maghanda para sa hindi inaasahan, tulad ng pagbuo ng emergency supply kit para sa alagang hayop at pagtatag ng buddy system sa pangangalaga ng hayop, ay pareho rin sa anumang emergency. Kung nagdesisyon ka mang manatili sa isang emergency o lumikas sa isang mas ligtas na lugar, kailangan mong magplano nang mas maaga para sa iyong mga alagang hayop. Pakatandaan na ang pinakamabuti para sa iyo ay ang karaniwang pinakamabuti rin para sa iyong mga alagang hayop.

Kung dapat kang lumikas, isama mo rin ang mga alagang hayopkung maaari. Gayunpaman, kung pupunta sa isang pampublikong silungan, mahalagang maunawaan na ang mga hayop ay maaaring hindi payagan sa loob. Magplano nang maaga para sa mga alternatibong masisilungan na maaari para sa iyo at sa iyong mga alagang hayop.

Gumawa ng reserbang plano para sa isang emergency kung hindi mo mismo maaalagaan ang iyong mga alagang hayop. Magkaroon ng buddy system sa mga kapitbahay, kaibigan o kamag-anak upang matiyak na may taong mangangalaga o maglilikas ng iyong mga alaga kung hindi mo ito magagawa. Maging handang gumawa at gamitin kung ano ang mayroon ka upang makayanang mapag-isa nang hindi bababa sa tatlong araw, o mas matagal pa.

May Saysay Ang Paghahanda sa
sa hindi inaasahan.

Maghanda na Ngayon.

Ang impormasyon na ito ay binuo ng U.S. Department of Homeland Security na may pakikipag-konsultasyon sa: American Kennel Club, The American Society for the Prevention of Cruelty to Animals, American Veterinary Medical Association, at ng The Humane Society of the U.S.

American Kennel Club℠

ASPCA®
THE AMERICAN SOCIETY FOR THE PREVENTION OF CRUELTY TO ANIMALS

American Veterinary Medical Association®

The Humane Society of the United States®

Ready
Prepare. Plan. Stay Informed.®

FEMA

FEMA R-7 / Catalog No. 09078-1

Ready
Prepare. Plan. Stay Informed.®



# May Saysay Ang Paghahanda ng Iyong mga Alagang Hayop Para sa mga Emergency. Maghanda Ngayon.

FEMA

www.ready.gov

# 1 Maghanda

## Magkaroon ng Emergency Supply Kit para sa Alagang Hayop.

Gaya ng ginawa mo sa emergency supply kit ng iyong pamilya, isipin muna ang tungkol sa panhgunahing kailangan para maligtas, lalong-lalo na ang tubig at pagkain. Pag-isipan na magkaroon ng dalawang kit. Sa una, ilagay ang lahat ng kakailanganin ninyo at ng iyong alagang hayop upang makapanatili sa inyong kinalalagyan.  At sa isa pa ay dapat na magaan, mas maliit na bersyon na madadala mo kung ikaw at ang inong mga alagang hayop ay kailangang umalis. Dagdag pa rito, tiyaking irepaso ang iyong mga kit nang regular upang matiyak na ang kanilang mga nilalaman, lalong-lalo na ang mga pagkain at gamot, ay may bisa pa.

Pagkain. Magtabi ng hindi bababa sa tatlong araw ng pagkain sa isang hindi pinapasok ng hangin, hindi pinapasok ng tubig na lalagyan.

Tubig. Magtabi ng hindi bababa sa tatlong araw na tubig lalo na para sa iyong mga alagang hayop bukod sa tubig na kailangan mo para sa iyong sarili at ng iyong pamilya.

Mga gamot at mga medikal na rekord. Magtabi ng karagdagang supply ng gamot para sa iyong ibinibigay nang regular sa mga alagang hayop sa isang hindi pinapasok ng tubig o nababasang lalagyan.

First aid kit. Makipag-usap sa iyong beterinaryo tungkol sa kung ano ang pinakanaaangkop para sa mga medikal na pangangailangan ng iyong alagang hayop sa oras ng isang emergency. Kasama sa karamihan ng mga kit ang cotton bandage roll, bandage tape at gunting; antibiotic ointment, pamatay sa pulgas at garapata; latex na guwantes, isopropyl na alkohol at saline solution. Magsama rin ng librong masasangguniang para sa first aid ng alagang hayop.

Collar na may ID tag, harness o pantali. Dapat na laging suot ng iyong alagang hayop ang isang kolar na may rabies tag at pagkakakilanlan sa lahat ng oras. Isama rin ang reserbang pantali, kolar at ID tag sa emergency supply kit ng iyong alagang hayop. Dagdag pa rito, maglagay ng mga kopya ng impormasyon sa pagkakarehistro ng iyong alagang hayop, mga papeles ng pag-ampon, mga dokumento sa pagpapabakuna at mga medikal na rekord sa isang malinis na bag na plastik o hindi napapasok ng tubig o nababasang lalagyan at idagdag ito sa iyong kit. Dapat mo na ring pag-isipan na makipag-usap sa iyong beterinaryo tungkol sa permanenteng pagkakakilanlan tulad ng  microchipping, at pagpapalista ng iyong alagang hayop sa database para sa maaaring pagkakabawi.

Crate o iba pang mapaglalagyan ng alagang hayop. Kung kailangan ninyong lumikas sa isang sitwasyon ng emergency, isama ang iyong mga alagang hayop kung magiging praktikal na gawin ito. Sa maraming pagkakataon, ang iyong kakayahan isagawa ito ay masusuportahan ng matibay, ligtas, komportableng crate o lalagyan na handa na upang ibiyahe ang iyong alagang hayop. Ang lalagyan ay dapat na may sapat ang laki upang makatayo, maka-ikot at makahiga ang iyong alagang hayop.



Sanitasyon. Ilagay ang pet litter at litter box kung naaangkop, mga pahayagan, mga paper towels , plastik na bag na basura at chlorine bleach na pangbahay upang mabigay ang mga pangangailangan sa sanitasyon ng iyong alagang hayop. Maaari kang gumamit ng bleach bilang pamatay-mikrobyo (ihalo ang siyam na bahagi ng tubig sa isang bahagi ng bleach), o sa isang emergency maaari mong gamitin ito upang linisin ang tubig. Gumamit ng 16 na patak ng regular na liquid bleach na pambahay sa bawat galon ng tubig. Huwag gumamit ng may amoy o color safe na mga bleach, o ang mga may karagdagang panlinis.

Ang isang litrato magkasama kayo ng iyong alagang hayop. Kung ikaw ay maihiwalay sa iyong alagang hayop sa oras ng isang emergency, ang litrato mo at ng iyong alagang hayop na magkasama ay makatutulong sa iyong idokumento ang pagmamay-ari at makapagpatulong sa iba na makilala ang iyong alagang hayop. Isama rin ang detalyadong impormasyon tungkol sa species, lahi, edad, kasarian, kulay at nagpapakilalang mga katangian.

Mga kinasanayang bagay. Ilagay ang mga paboritong laruan, panggantimpala o tulugan sa iyong kit. Ang mga kinasanayang bagay ay makatutulong na mabawasan ang stress ng iyong alagang hayop.

# 2 Planuhin

## Kung Ano ang Iyong Gagawin sa Oras ng Isang Emergency.

Maging handa na tasahin ang sitwasyon. Gamitin ang ang anumang mayroon kayo upang pangalagaan ang inyong sarili at tiyakin ang kaligtasan ng inyong alaga hayop sa isang emergency. Depende sa inyong sitwasyon at sa katangian ng emergency, ang unang mahalagang desisyon ay kung mananatili kayo sa inyong kinalalagyan o lumikas. Dapat mong maintindihan  at magplano para sa parehong posibilidad. Gamitin ang karaniwang kaalaman at ang impormasyon iyong natututunan rito upang matukoy kung may nagbabadyang emergency. Sa anumang emergency, ang mga lokal na awtoridad ay maaari o hindi maaaring kaagad na magbigay ng impormasyon kung ano ang nangyayari at ano ang dapat ninyong gawin. Gayunpaman, dapat kang manood ng TV, makinig sa radyo o tingnan ang Internet para sa mga tagubilin. Kung ikaw ay tiyak na sinabihang lumikas, sumilong sa kinaroroonan o humihingi ng medikal na paggamot, gawin ito kaagad.

Gumawa ng plano para sa paglikas. Planuhin kung paano mo pagsasama-samahin ang inyong mga alagang hayop at isipin na saan kayo pupunta. Kung dapat kayong lumikas, isama ang inyong mga alagang hayop kung praktikal. Kung pumunta kayo sa isang pampublikong silungan, pakatandaan na ang iyong mga alagang hayop ay maaaring hindi papayagan sa loob. Tiyakin maagap na makakuha ng naaangkop na tirahan ayon sa dami at uri ng mga alagang hayop  ang iyong inaalagaan. Isipin ang pamilya o mga kaibigan na pumapayag na tanggapin kayo at ng inyong mga alagang hayop sa oras ng isang emergency. Maaaring kasama sa mga ibang opsyon ang: isang hotel o motel na tumatanggap ng alagang hayop o pasilidad na paupahan, tulad ng kennel o ospital para sa mga hayop na malapit sa isang pasilidad na lilikasan o sa lugar na pagkikitaan ng pamilya. Alamin bago pa may mangyaring emergency kung alinman sa mga pasilidad na ito sa inyong lugar ang posibleng opsyon para sa inyo at sa inyong alagang hayop.

Magtatag ng buddy system. Magplano kasama ang mga kapitbahay, mga kaibigan o mga kamag-anak upang matiyak na may taong mangangalaga o maglilikas ng iyong mga alagang hayop kung hindi mo ito magagawa. Makipag-usap sa iyong buddy sa pangangalaga ng iyong alagang hayop tungkol sa iyong mga plano sa paglikas at ipakita sa kanila kung saan mo itatago ang emergency supply kit ng iyong alagang hayop. Magtalaga rin ng mga tiyak na lugar, isa sa iyong mismong kapitbahay at isang mas malayo, kung saan kayo magtatagpo-tagpo sa oras ng isang emergency.



Makipag-usap sa beterinaryo ng iyong alagang hayop tungkol sa pagpaplano sa isang emergency. Pag-usapan ang tungkol sa mga uri ng mga bagay na dapat mong isama sa emergency first aid kit ng iyong alagang hayop. Kunin ang mga pangalan ng mga beterinaryo o ospital ng mga hayop sa ibang mga lungsod kung saan malamang na iyong tatakbuhan para pansamantalang silungan. Dapat mo ring pag-isipan ang pakikipag-usap sa iyong beterinaryo tungkol sa pangmatagalang pagkakakilanlan tulad ng microchipping, at pagpapalista ng iyong alagang hayop sa database upang mahanap kung nawawala. Kung ang iyong alagang hayop ay naka-microchip, ang pagpapa-update ng impormasyon sa pagkontak sa isang oras ng emergency at nakalista sa maaasahang database ay mahalaga upang makasamang muli ang iyong alagang hayop.
Kumuha ng impormasyon kung paano kokontakin para sa isang emergency na paggagamot sa mga hayop.  Gumawa ng listahan ng impormasyon at mga address ng pagkontak sa ahensya na nagkokontrol sa mga hayop sa lugar kasama na ang  Humane Society o ASPCA, at mga ospital para sa mga hayop sa oras ng isang emergency. Maglagay ng isang kopya ng mga numero ng teleponong ito sa iyo at sa emergency supply kit ng iyong alaga. Kumuha ng "Pets Inside"na mga sticker at ilagay ang ito sa inyong mga pinto o mga bintana, kabilang ang impormasyong bilang at mga uri ng mga alagang hayop sa inyong bahay upang mabigyang alerto ang mga tagasagip. Pag-isipang ilagay sa sticker ang numero ng telepono kung saan ka matatawagan sa oras ng isang emergency. At, kung may oras pa, tandaan na isulat ang mga salitang "Evacuated with Pets"sa mga sticker, kung lumikas kayo ng mga alagang hayop.

# 3 Magkaroon ng Sapat na Kaalaman

## Alamim ang Tungkol sa mga Uri ng Emergency.

Ang ilan sa mga bagay na magagawa mo upang mapaghandaan ang hindi inaasahan, tulad ng pagbuo ng emergency supply kit para saiyong sarili, pamilya at mga alagang hayop, ay pareho rin anuman ang uri ng emergency. Gayunpaman, mahalaga na manatiling may sapat na kaalaman tungkol sa kung ano ang malamang na mangyayari at ano ang mga uri ng emergency na malamang na makaapekto sa inyong rehiyon gayundin ang mga planong pang-emergency na naitatag sa iyong estado at lokal na pamahalaan. Para sa mas marami pang impormasyon tungkol sa kung paano ang maghanda, bisitahin ang www.ready.gov o tumawag sa 1-800-BE-READY.

Maging handang iangkop ang impormasyon na ito sa iyong personal na sitwasyon at gawin ang makakaya upang sundin ang mga tagubilin na natanggap mula sa mga awtoridad na nasa pinangyarihan. Sa mga simpleng paghahanda na ito, maaari ka ng maging handa para sa hindi inaasahan. Ang mga tao na nagbigay ng oras na ihanda ang kanilang mga sarili at ang kanilang mga alagang hayop ay malamang na mas hindi mahihirapan, mas walang stress at mas hindi nag-aalala. Gamitin na ang oras ngayon upang maihanda ang sarili at ang iyong alagang hayop.

May Saysay ang Paghahanda Para sa Iyong mga Alagang Hayop. Maghanda na Ngayon.